3 Nephi 17–19
(SETYEMBRE 28–OKTUBRE 11)

# Paano natin mararanasan ang nagpapagaling na kapangyarihan ni Cristo?

Sa ministeryo ni Jesucristo sa mga Nephita, ipinakita Niya ang Kanyang matinding pagmamahal at nagpapagaling na kapangyarihan sa lahat ng taong lumapit sa Kanya. Ano ang matututuhan natin mula sa karanasan ng mga Nephita sa Tagapagligtas?



**TALAKAYAN**

- Kung isa ka sa mga Nephita, ano ang hihilingin mong pagalingin ng Tagapagligtas? Ano ang sasabihin mo sa Kanya?
- Tulad ng mga Nephita, paano ka lalapit kay Cristo at paano mo mararanasan ang Kanyang pagmamahal at nagpapagaling na kapangyarihan sa iyong buhay?
- Kailan mo naramdaman ang pagmamahal ng Tagapagligtas? Paano mo naramdaman ang pagmamahal na iyon?

**Mga pagsubok ng mga Nephita**

Ang mga dekada bago ang pagdating ni Jesus ay puno ng pagsubok. Tiniis ng mga Nephita ang:

- Pag-uusig sa relihiyon (tingnan sa 3 Nephi 1:9).
- Kasamaan at mga karumal-dumal na gawain (tingnan sa 3 Nephi 2:3, 7:7).
- Digmaan (tingnan sa 3 Nephi 2:17).
- Pagkilala sa pamamagitan ng katayuan sa buhay (tingnan sa 3 Nephi 6:10–14).
- Kaguluhan ng mga tao (tingnan sa 3 Nephi 7:1–4).
- Mga kalamidad na dulot ng kalikasan sa loob ng tatlong araw ng kadiliman (tingnan sa 3 Nephi 8).



**Ang Ministeryo ni Cristo sa mga Nephita**

Nang magpakita ang Tagapagligtas sa mga Nephita, inanyayahan Niya ang lahat ng taong "nahihirapan sa anumang dahilan" (3 Nephi 17:7) na lumapit at mapagaling. Hindi lang sa mga kasalukuyang pagsubok ng mga Nephita angkop ang Kanyang paanyaya. Angkop din ito sa mga pisikal at pangkaisipan o emosyonal na sugat na maaaring buong buhay tiniis ng mga Nephita. Pinagaling ni Jesucristo ang "bawat isa" (3 Nephi 17:9) at nag-minister Siya sa kanila nang "isa-isa" (3 Nephi 17:21).

HEALING [PAGPAPAGALING], NI J. KIRK RICHARDS